



Mayo 1, 2020

Mahal na Mga Magulang/Mga Tagapag-alaga at Mga Pamilya,

Bilang bahagi ng mga pagsisikap na pigilin ang pagkalat ng COVID-19, ang pagsasara ng lahat ng mga pambublikong pinondohan na paaralan sa Ontario ay pinahaba hanggang Mayo 31, 2020. Habang ang pinahabang pagsasarang ito ay mapaghamon at nakabibigo, nais kong kunin ang pagkakataong ito upang magpasalamat sa inyo at kilalanin kung gaano kami nagpapasalamat sa pagkakaroon ng mga magulang at mga pamilya bilang mga kasosyo sa edukasyon.

Alam namin na hindi isang madaling gawain na suportahan ang inyong(mga) anak sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral na dagdag sa mga karagdagang responsibilidad na malamang na inyong hinaharap sa panahong ito. Ang karanasan na ito ay bago para sa lahat. Sama-sama tayo ay natututo bawa't araw. Habang ginagawa natin ang trabahong ito, nais kong pagtibayin sa mga magulang at mga pamilya na sa ilalim ng mga pambihirang kalagayan na ito, hindi namin inaasahan na makilahok ang mga mag-aaral sa isang buong araw ng paaralan o na ang mga oportunidad sa pag-aaral na ibinigay ng mga guro ay magagaya ng karaniwang pisikal na silid-aralan araw-araw.

Sa kanyang [pinakahuling liham sa mga pamilya](#), ang Ministro ng Edukasyon na si Stephen Lecce ay nagbahagi ng karagdagang impormasyon tungkol sa malayuang pag-aaral at mga inaasahan para sa oras ng trabaho ng mag-aaral sa isang ibinigay na linggo. Ang ating mga tagapagturo sa TDSB ay nakatuon na tugunan ang mga inaasahang ito sa iba-ibang mga paraan. Kasama ang aming mga kasosyong unyon, kami ay naghahanap ng mga paraan upang galugarin kung paano ginagamit ng mga tagapagturo ang mga online na plataporma ng pag-aaral upang mapanatili ang mga relasyon sa mga mag-aaral, upang mas mahusay namin silang masuportahan.

Makikipag-ugnay ang mga guro sa mga mag-aaral at mga pamilya upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at ang mga pangangailangan ng bawa't mag-aaral sa klase. Magkakaiba ang hitsura nito mula sa bawa't klase, bawa't guro, at sa mga indibidwal na mag-aaral at mga pamilya. Kailangan nating isaalang-alang at pahalagahan ang mga iba't ibang kalagayan at mga karanasan ng ating mga mag-aaral at mga pamilya. Ang ating mga mag-aaral ay may natatanging mga kapaligiran sa pag-aaral sa bahay na may iba't ibang mga antas ng suporta na magagamit nila. Ang pinakamahalaga sa ngayon ay patuloy tayong nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga mag-aaral at nakatuon sa kalusugan at kagalingan ng mga mag-aaral, mga kawani at mga pamilya, at suportahan ang pag-aaral sa bahay.

Habang tayo ay tumitingin sa hinaharap, nais naming magbigay ng isang huling pagbabago sa iba't ibang mga lugar upang matulungan kayong maghanda at magplano para sa darating na mga araw at linggo. Mangyaring patuloy na makipag-ugnay sa mga guro at sa inyong komunidad ng paaralan at makipag-ugnay sa isa't isa. Mangyaring manatiling malusog at alagaan ang inyong sarili at ang inyong pamilya. Lahat tayo ay magkakasama dito!

- Mga Sesyon ng Pag-aaral para sa Mga Magulang/Mga Pamilya
- Kagalingan at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral



- Pagsusuporta, Pagtatasa at Pag-uulat ng Nakamit at Kagalingan ng Mag-aaral
- Inyong Pagkakataong Magsalita
- Espesyal na Edukasyon na Malayuang IPRC/SEPRC/IEP
- Mga Seremonya sa Pagtatapos, Mga Prom, at Iba pang mga Kaganapan
- Mga Pagkakataon para sa Pag-aaral sa Tag-init
- Mga Mapagkukunan ng Pranses Bilang Ikalawang Wika [French as a Second Language (FSL)] para sa mga Pamilya

Mga Bagong Sesyon ng Pag-aaral para sa Mga Magulang/Mga Pamilya

Ang mga plataporma sa online para sa malayuang pag-aaral ay bago sa ilang mga pamilya at kami ay nakatuon na suportahan kayo upang tulungan kayong magnabiga sa bagong kapaligirang ito ng pag-aaral. Ang mga espesyal na sesyon ng pag-aaral ay makukuha upang magbigay ng isang pangkalahatang-ideya sa dalawang mga pangunahing plataporma: Brightspace at Google Classroom.

Pagpapakilala sa Brightspace Learning Platform (Plataporma ng Pag-aaral sa Brightspace)

Ang sesyon na ito ay magpapakilala sa Brightspace Learning Platform at sasakop sa: kung paano makukuha, paano mag-log in at itatampok ang ilan sa mga pangunahing katangian na ginamit ng mga mga guro at mga mag-aaral. Upang sumali sa isang sesyon, [bisitahin ang website](#) at mag-click sa naaangkop na link.

- Lunes, Mayo 4 ng alas 3 ng hapon
- Martes, Mayo 5 ng alas 7 ng gabi

Pagpapakilala sa Google Classroom (Silid-aralan ng Google)

Ang sesyon na ito ay magpapakilala sa Google Classroom at sasakop sa: kung paano makukuha, paano mag-log in at itatampok ang mga pangunahing katangian na ginamit ng mga guro at mga mag-aaral. Upang sumali sa isang sesyon, [bisitahin ang website](#) at mag-click sa naaangkop na link.

- Martes, Mayo 5 ng alas 3 ng hapon
- Miyerkules, Mayo 6 ng alas 7 ng gabi

Kagalingan at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral

Ang aming pangunahing prayoridad ay upang suportahan at pabutihin ang [pangkaisipang kalusugan at kagalingan](#) ng lahat ng mga mag-aaral, mga kawani at mga magulang/mga pamilya. Ang mga kawani ng paaralan ay patuloy na nagpapanatili ng mga relasyon at nagtutuon sa pangkaisipang kalusugan at kagalingan ng mga mag-aaral habang sila ay nagbibigay ng malayuang pag-aaral. Ang mga guro ay gumagamit ng maraming, malikhaing mga paraan upang makipag-ugnay sa mga mag-aaral.

Pagsusuporta, Pagtatasa at Pag-uulat ng Nakamit at Kagalingan ng Mag-aaral

Ito ay isang mapaghamon na panahon para sa lahat habang tayo ay sama-samang nagtatrabaho tungo sa mga pagsasanay upang maitaguyod ang mga mag-aaral para sa tagumpay. Kinikilala namin na maraming mga hindi pagkakapantay-pantay na umiiral sa loob ng aming sistema na nakakaapekto sa pag-aaral at nakamit ng mag-aaral. Kasama dito ang paggamit ng teknolohiya, pagkakaroon ng mga mapagkukunan,



pagiging pamilyar sa mga online na aplikasyon, at suporta para sa pag-aaral. Tatandaan ng mga guro ang mga hamong ito, habang sinusuportahan nila ang lahat ng mga nag-aaral at nagbibigay ng makabuluhang mga pagkakataon sa pag-aaral na konektado sa kurikulum ng Ontario, na maghahantong sa katapusan-ng-taong ulat sa Hunyo.

Pangako namin na ang pagtatasa, pagsusuri, at pag-uulat ay magiging patas, malinaw at pantay-pantay para sa lahat ng mga mag-aaral at magtutuon sa pag-unlad sa pag-aaral at pagpapabuti. Tulad ng dati, kung mayroon kayong anumang mga katanungan o mga alalahanin, mangyaring makipag-ugnay sa guro at/o administrasyon ng inyong anak. Mangyaring basahin ang [newsletter ng pagsusuri ng magulang/pamilya](#) para sa karagdagang impormasyon at mga partikular na detalye tungkol sa pagtatasa at pag-uulat sa elementarya at sekundaryong mag-aaral.

Mga Seremonya sa Pagtatapos, Mga Prom, at Iba Pang Mga Kaganapan

Katulad ng ipinaalam sa liham ng Abril 14, ang lahat ng mga field trip at magdamagang paglalakbay ay nakansela para sa nalalabing bahagi ng taon ng paaralan. Inaasahan namin na magiging posible para sa mga prom, mga seremonya ng pagtatapos at iba pang mga kaganapan na maisulong sa taong ito nguni't sa kamakailang mga bagong balita na ang mga paaralan ay sarado hanggang sa Mayo 31, hindi ito posible. Nakalulungkot, kailangan naming ikansela o ipagpaliban ang mga kaganapang ito hanggang sa katapusan ng taon ng paaralan. Dahil marami pa ring hindi nalalaman, ang muling pag-iiskedyul ng mga ipinagpaliban na mga kaganapan ay pangangasiwaan sa antas ng paaralan, depende sa mga lokal na kalagayan. Mangyaring tandaan na ang mga iskolarsip na karaniwang iginagawad sa panahon ng mga seremonya ng pagtatapos ay maaaring magpatuloy na igawad, kasama ang pormal na pagkilala na magaganap sa susunod na petsa.

Ang Inyong Pagkakataong Magsalita

Sa pagdating natin sa pagtatapos ng ating unang buwan ng malayuang pag-aaral, nais naming makarinig mula sa inyo. Ano ang gumana nang maayos? Ano ang hindi? Ano ang inyong mga mungkahi? Mangyaring maglaan ng ilang mga minuto upang maibahagi ang inyong mga saloobin tungkol sa karanasan ng inyong anak sa malayuang pag-aaral. Mahalaga ang inyong opinyon habang sinusubukan naming mas maunawaan ang mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral at mga pamilya. Sumali sa amin sa [ThoughtExchange](#) na ito upang idagdag ang inyong boses sa pag-uusap.

Mga Pagkakataon sa Pag-aaral sa Tag-init

Ang ilang mga opsyon ay ginagalugad upang pahintulutan ang pagpapatuloy ng pag-aaral sa buong tag-init. Mangyaring tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon at ang higit pang mga detalye ay ibibigay sa mga darating na linggo.

Pinagsamang (Hybrid) Malayuang Paaralang Elementarya sa Tag-init (Hybrid Elementary Summer School Remote Learning)

Ang mga plano ay isinasagawa para sa malayuang paaralang elementarya sa tag-init upang matugunan ang mga puwang sa pag-aaral ng mga mag-aaral at maipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan ng mag-aaral hanggang Hulyo. Ang mga karagdagang detalye ay makukuha sa pahina ng [web page ng paaralang elementarya sa tag-init](#) sa mga darating na linggo.



Tandaan: Ang programang ito ay tinawag na "Hybrid" dahil maaari kasama dito ang mga kapaligiran ng online at nasa loob ng klaseng pag-aaral na alinsunod sa patnubay ng Ministry ng Edukasyon.

Malayuang Pagbawi ng Kredito sa Tag-init [Remote Summer Credit Recovery (Sekundaryo)]

Ang Departamento ng Patuloy na Edukasyon ay mag-aalok ng isang Programa ng Malayuang Pagbawi ng Kredito para sa mga sekundaryang mag-aaral ng TDSB sa Hulyo 6-31. Papalit ang programang ito sa harap-harapang paaralan sa tag-init para sa 2020 at kabibilangan ng mga kurso sa lahat ng mga paksa ng subject mula sa mga Baitang 9 hanggang 12, na may isang pagtuon sa mga sapolitang kurso. Bisitahin ang [web page ng Paaralan sa Tag-init](#) sa mga darating na linggo para sa karagdagang impormasyon.

Pinagsamang (Hybrid) Programa ng Malayuang Kredito sa Tag-init [Hybrid Remote Summer Credit Program (Secondary)]

Ang Departamento ng Patuloy na Edukasyon ay mag-aalok ng isang Programa ng Malayuang Pag-aaral na Kredito sa Tag-init (Remote Summer Learning Credit Program) para sa mga sekundaryang mag-aaral ng TDSB sa Hulyo 6-31. Papalit ang programang ito sa harap-harapang paaralan sa tag-init para sa 2020 at kabibilangan ng mga kurso sa lahat ng mga paksa ng subject mula sa mga Baitang 9 hanggang 12, na may isang pagtuon sa mga sapolitang kurso. Bisitahin ang [web page ng Paaralan sa Tag-init](#) sa mga darating na linggo para sa karagdagang impormasyon.

Tandaan: Ang programang ito ay tinawag na "Hybrid" dahil maaari kasama dito ang mga kapaligiran ng online at nasa loob ng klaseng pag-aaral na alinsunod sa patnubay ng Ministry ng Edukasyon.

e-Summer na Programa

Ang e-Summer na programa ay ipagpapatuloy sa Hulyo at Agosto kagaya ng mga nakaraang taon at ang pagrerehistro para sa mga kurso para sa mga mag-aaral ng TDSB ay nagsimula noong maagang bahagi ng Abril. Ang lahat na mga kurso ay buong-kredito at kabilang ang mga kurso ng Mga Baitang 11 at 12 pati na rin ang Baitang 10 na Civics at Career Studies. Ang mga hindi TDSB na mag-aaral ay maaaring magrehistro simula sa Hunyo para sa mga kurso na tumatakbo sa Agosto. Ang buong impormasyon tungkol sa mga kurso at proseso ng pagrerehistro ay nakabalangkas sa [e-Learning na website](#).

Espesyal na Edukasyon na Malayuang Paaralan sa Tag-init (Special Education Remote Summer School)

Ang paaralan sa tag-init para sa mga espesyal na edukasyon na mag-aaral ay ipagpapatuloy nang malayuan. Ang mga sekundaryang mag-aaral ng DHH ay makakakuha ng kanilang mga sekundaryong kursong kredito. Magbibigay din kami ng DHH na paaralan sa tag-init para sa mga mag-aaral sa mga Baitang 1-8. Ang sekundaryong CTCC na Paaralan sa Tag-init ay magpapatuloy din upang ang mga mag-aaral ay makakuha ng mga kredito sa tag-init.



Ang paaralan sa tag-init ay iaalok din para sa mga mag-aaral na may Kapansanan sa Pag-unlad mula sa Baitang 1 hanggang 12. Ang mga guro ay magpapatuloy sa malayuang pag-aaral na naitatag na at susuportahan ang mga mag-aaral at mga pamilya na gamit ang mga karagdagang pagkakataon sa pag-aaral.

Malayuang IPRC/SEPRC/IEP Espesyal Na Edukasyon (Special Education Remote IPRC/SEPRC/IEP)

Ang Ministeryo ay nagbigay ng karagdagang tagubilin bilang pagsusuporta sa mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan sa kanilang kamakailang [Pagpapatuloy ng Pag-aaral para sa mga Mag-aaral na may Espesyal na mga Pangangailangan at mga Suporta sa Pangkaisipang Kalusugan](#) na memo.

Dahil sa mga kasalukuyang natatanging malayuang kalagayan, ang mga IPRC at mga SEPRC ay inuna upang tiyakin na ang mga kagyat na pangangailangan sa sistema ay natutugunan.

Mga Prayoridad na IPRC at SEPRC:

- Mga mag-aaral sa Senior Kindergarten na papalabas sa Diagnostic Kindergarten (DK);
- Lahat ng mga mag-aaral na papalabas sa Programa para sa Pamamagitan ng Kindergarten [Kindergarten Intervention Program (KIP)] na kung para saan ang isang ISP ay isinasaalang-alang;
- Taunang pagrerepaso ng IPRC ng ika-2 Antas para sa mga mag-aaral na kasalukuyang nasa isang Programa ng Masinsinang Suporta para sa Espesyal na Edukasyon [Special Education Intensive Support Program (ISP)] na nangangailangan ng isang paglipat habang sila ay lumilipat sa ibang paaralan;
- Pagsasaalang-alang ng SEPRC para lamang sa mga mag-aaral na may mga kumplikadong medikal na pangangailangan;
- Mga mag-aaral na bumabalik mula sa mga programang CTCC;
- Mga mag-aaral sa Baitang 3 kung saan ang pagsasaalang-alang para sa Baitang 4 na Likas na Matalinong ISP (mga rehsitradong mag-aaral ng TDSB lamang; walang SEPRC para sa kategoryang ito).

Ang mga IPRC ay gaganapin nang malayuan alin sa pamamagitan ng Webex o telekomperensiya. Ang anumang komunikasyon sa email sa mga magulang/mga tagapag-alaga na kinasasangkutan ng dokumentasyon na mayroong kumpidensyal na impormasyon ng mag-aaral ay mangangailangan ng pahintulot mula sa mga magulang bago ipadala ang impormasyon sa pamamagitan ng email. Upang matiyak ang proteksyon ng impormasyon at maiwasan ang paglabag sa pagkapribado, ang komunikasyon na naglalaman ng personal na impormasyon ng mag-aaral sa email ay ie-encrypt at protektado ng password. Ang email ay magsasama ng salitang “KUMPIDENSYAL (CONFIDENTIAL)” sa linya ng paksa at sasamahan ng resibo ng pagtanggap upang matiyak na natanggap ng mga magulang/mga tagapag-alaga ang email.





Mga Mapagkukunan ng Pranses Bilang isang Ikalawang Wika para sa Mga Pamilya [French as a Second Language (FSL)]

Ngayong linggo, ang Departamento ng FSL ay naglunsad ng isang [Mga Mapagkukunan ng FSL para sa mga Pamilya sa Google Site](#) para sa mga magulang, mga tagapag-alaga at mga pamilya ng mga mag-aaral sa mga programang Pranses bilang isang Ikalawang Wika. Ang site ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paano susuportahan ang mga mag-aaral sa panahon ng malayuang pag-aaral, kabilang ang mga prinsipyo sa pagpapatnubay, mga pagsasaalang-alang para sa malayuang pag-aaral sa mga programang FSL, mga link sa mga mapagkukunan, paano susuportahan sa bahay, at higit pa.

MgaHuling Pagbabago ng Ministeryo ng Edukasyon at Pampublikong Kalusugan ng Toronto

Sa mga pag-anunsiyo ng linggong ito sa pagsasara ng paaralanna papahabain hanggang sa Mayo 31, 2020, ang Ministeryo ng Edukasyon at Pampublikong Kalusugan ng Toronto ay naglabas din ng mga liham sa mga magulang/mga pamilya sa linggong ito. Mangyaring basahin ang mga huling pagbabago dito: [Liham ng Ministeryo ng Edukasyon](#) at [Liham ng Pampublikong Kalusugan ng Toronto](#).

Mga Pagwawakas na Saloobin

Salamat na muli sa lahat ng inyong ginagawa upang suportahan ang pagpapatuloy ng pag-aaral. Ngayon higit sa dati ang isang malakas na pakikipagtulungan sa pagitan ng bahay at paaralan ay kritikal. Anuman ang maari ninyong gawin upang maisali ang inyong (mga) anak at manatiling nakikipag-ugnay sa paaralan at sa inyong mga guro ay magkakaroon ng makabuluhang positibong epekto. Ginagawa naming lahat ang pinakamabuti sa ilalim ng mga pangyayari at pinahahalagahan namin ang inyong mga pagsisikap.

Nais ko ring banggitin ang ating mga mag-aaral at kilalanin ang kanilang kasipagan at kakayahang umangkop sa pagbabagong ito. Ang pagbabago sa malayuang pag-aaral ay naging isang malaking pagsasaayos para sa lahat at isang napaka-naiibang paraan ng pag-aaral kaysa sa nakasanayan ng mga mag-aaral. Ako ay nakarinig ng mga kamangha-manghang istorya mula sa ating mga paaralan at mga guro tungkol sa mga mag-aaral na gumaganap nang napakahusay at nagpapakita ng hindi kapani-paniwalang dedikasyon at pagkamalikhain sa ilalim ng mga pangyayari. Ito ay isang pagpapatunay sa mga mahuhusay na mag-aaral at mga pamilya na mayroon tayo sa buong TDSB. Labis kong ipinagmamalaki ang lahat at alam ko na sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulongan ay makakaraos tayo sa mahirap na panahong ito.

Isang huling saloobin na nais kong ibahagi ay isang simple lamang na katiyakan na kami ay nag-iisip at nagpapalano sa abot naming makakaya para sa maaaring muling pagbalik sa paaralan. Bagaman hindi pa natin alam kung kailan mangyayari iyon, magiging mahalaga at kinakailangan na tayo ay makipagtulungan nang malapit sa Pampublikong Kalusugan ng Toronto at Ministeryo ng Edukasyon upang matiyak na ang naaangkop na pangkalusugan at pangkaligtasan at iba pang mga hakbang ay nasa lugar. Muli, ito ay bago at hindi pa nagalugad na teritoryo para sa lahat at magsisikap kami sa pamamagitan ng kinakailangang gabay mula sa mga opisyal ng pampublikong kalusugan pati na rin ang mahalagang input mula sa mga kawani at iba pa. Mangyaring manatiling ligtas at malusog.

Matapat,





A handwritten signature in black ink, appearing to read "John Malloy".

John Malloy
Director of Education

